American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)
e-ISSN : 2378-703X
Volume-09, Issue-06, pp-127-131
www.ajhssr.com
Research Paper Open Access

# KAKAYAHAN SA PAGSUSURI NG MGA MAG-AARAL NG PRMSU SA AKDANG PAMPANITIKANG TULUYAN

Shiryl M. Abejon
*President Ramon Magsaysay State University*

**ABSTRACT :** Ang pag-aaral na ito ay isinagawa upang malaman ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng maikling kuwento at malaman ang akademikong pagganap ng mga piling mag-aaral ng President Ramon Magsaysay State University para sa taong panuruan 2019-2020.

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng deskriptibong disenyo ng pananaliksik at katulong ang talatanungan upang makakalap ng mga datos mula sa piling tagatugon na kinabibilangan ng animnaput-walong mag-aaaral sa President Ramon Magsaysay State University sa Iba, Zambales

Batay sa buod na kinalabasan ng pag-aaral, ang mananaliksik ay humantong sa paglahad ng konklusyon tuald ng sumusunod:Ang mag mag-aaaral ay nakakamit ng "Mas Mahusay" na akademikong pagganap sa asignaturang Filipino 2. "Mahusay" ang mga mag-aaral sa pag-alam ng damdamin ng mga tauhan at nilalaman ng akda samantalang "Pinakamahusay" sa paghinuha ng kahulugan sa tulong ng pahiwatig."May katamatamang Kahirapan" ang mga mag-aaral sa pag-alam ng damdamin ng mga tauhan at nilalaman ng akda samantalang "Napakadali" sa paghinuha ng kahulugan sa tulong ng pahiwatig."Lubos na Ginagamit" ng mga guro ang istratehiyang pampagturo sa pagsusuri sa akdang pampanitikan ng maikling kuwento.Mayroong pagkakaiba ang mga pananaw ng mga tagatugon ayon sa antas ng kakayahan sa pagsusuri ng mga mag-aaral sa akdang pampanitikan ng maikling kuwento.Walang kaugnayan ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa istratehiyang Pampagtuturo ng mga guro.Walang kaugnayan ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa antas ng kakayahan sa pagsusuri ng mga mag-aaral sa akdang pampanitikan ng maikling kuwento.

Batay sa konklusyon na kinalabasan ng pag-aaral **a**ng mananaliksik ay nagbibigay ng kaukulang mungkahi: Ang paaralan ay iminumungkahi na magsasgawa ng isang seminar upang sanayin ang mga guro sa iba't-ibang istratehiyang pampagturo tulad ng group mapping activity at paggamit ng odyo-linggwal sa pagsusuri ng mga akdang pampanitikan ng maikling kuwento. Magsagawa ng intensibong pag-aaral sa istratihiyang nararapat gamitin upang mapadali ang pang-unawa ng mga mag-aaral sa pag-alam sa damdamin ng mga tauhan at ang nilalaman ng akda. Iminumungkahi sa mga mag-aaral na bigyan laan ng panahon at linangin ang kakayahan sa pag-alam ng mga kasabihan, mga kawikaan, at pagkuha ng kahulugan na makatutulong sa pag-unawa ng bawat pahiwatig. Iminumungkahi na magbigay ang guro ng 3 hanggang 5 kaukulang pahiwatig at katumbas na katuturan sa bawat pagtitipon upang malinang ang kakayahan sa pang-unawa sa mga maikling kwento. Ang makapagsagawa ng kahalintulad na pag-aaral na higit na mas malawak at may lalim upang mabalido ang kinalabasan ng kasalukuyang pag-aaral.

## I. INTRODUCTION

Ang pagbabalik tanaw sa kasaysayan ng ating bansa sa panahon ng ating mga manunulat ay isang pagsubok sa mga mag-aaral. Ang mga simpleng pagbabasa ng mga babasahin patungkol sa ating nakaraan ay isang epekto upang maituro sa mga mag-aaral ang kasaysayan ng ating daigdig. Mahalaga ang pag-aaral ng panitikan upang maitanim sa isipan ng mga kabataan ngayon na ang bahagi ng ating kasaysayan ay hindi kinakalimutan upang sila ay maging saksi sa pagbabago na nagaganap at kung paano pa lumalaganap ang iba't-ibang akdang pampanitikan sa ating bansa. Ang panitikan ay mahalagang kasaysayan ng ating bansa. Ito ay nagpapatunay na ang bawat indibidwal sa atin ay dapat na bigyang importansya ang mga akdang ipinamana ng ating mga ninuno.

Ang maikling kwento ay isang universal na kultura. Nagdulot ito ng refleksyong mula sa tiyak tungo sa pinakamataas na diwa upang maging makabuluhan ang karanasan ng sanlibutan. Batay sa natuklasan ni Cuizon (2014) ang pagsusuri ng maiikling kwento ay isang epektibo, mabisa, objektibong paraan at kagamitan na magagamit sa makatarungang paghatol; pamumuna sa kabuluhan at kagandahan; paghahambing sa mga kritikal na isyu; at pormulasyon ng panibagong pamantayan at batas.

Napakaraming halimbawa sa akdang pampanitikan katulad ng alamat, maikling kuwento, nobela, salawikain, bugtong, epiko, korido, pabula,tula at marami pang iba. Nagagawa nating basahin ang mga ito, ngunit hindi lamang ito binabasa kundi dapat ay sinusuri rinAng panunuring pampanitikan ay isang masining na pagsusuri na ayon sa mga katangiang taglay at angking kahalagahan ng isang uri ng literatura Tinitignan ng panunuri ang kalidad, kahalagahan pampanitikan, ang intensiyon ng manunulat sa paglikha ng akda gayun din ang tema at mensahe nito.

At ito ay isang malalim na paghimay sa mga akdang pampanitikan sa pamamagitan ng paglalapat ng iba't-ibang dulog ng kritisismo para sa mabisang pag-unawa sa mga malikhaing manunulat at katha.Sa pagsusuri kinakailangan ng lubos na kaalaman sa kathang sinusuri tulad ng buong nilalaman ng akda, paraan ng pagkakabuo nito at ang ginamit ng awtor ng pamamaraan at istilo. Kinakailanga ding ang manunuri ay may opinyon bunga ng obhektibong pananaw laban man o ukol sa katha, kaya mahalaga na siya ay maging matapat. Ang pagpapaliwanag o panunuligsa sa isang akda upang ihatid ang kahalagahan nito at pamumuna. Mahalaga ang pagsusuri sa anumang panitikan upang malaman ang mga leksyon na maaari nitong ituro sa mga mag-aaral. Mahalaga din ito upang ito ay makritik at upang malaman kung saan ba patungkol ang mga akda. `

Malaking kapakinabangan ang makukuha sa pagbabasa. Nagbibigay ito ng mga bagong kaalaman, libangan, pagkatuto at mga karanasang maaaring mangyari sa tunay na buhay. Sa pagbabasa, hindi sapat na may kakayahan sa mabilis na pagbasa, ang mahalaga ay ang pagtugon ng isipan sa binabasa maging ang paksang binabasa ay pagkalibangan , ayon kay Abdula (2013), hindi mapapasubalian na ang pagbabasa nang maraming babasahin ay nakapagdudulot ng malawakang kaalaman sa mga bagay na nais na matutunan kaya't nangangailanagn nang matamang pagsusuri sa bawat pangungusap na nakapaloob dito.

Nakatuon ang pag-aaral na ito sa kakayahan ng pagsusuri ng mga akdang pampanitikan at ang Akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Sisiyasatin din ang makabuluang kaugnayan ng Antas ng kakayahan sa pagsusuri ng mga akdang pampanitikan at ang pang-akademikong grado ng mga mag-aaral.

## II. Methodology

### Research Design

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng panlarawang pamamaraan sapagkat inilahad ng mga datos kung gaano karami o kalaki ang isang bagay at inlahad din ang resulta sa pamamagitan ng bahagdan.

Sa pahayag ni Lartec (2012), binibigyang-pansin ng panlarawang pananaliksik ang mga pangkaslukuyang ginagawa, pamantayan at kalagayan. Nilalayon ng mga datos na ilarawan kung ano ang kasalukuyang nagaganap sa mga suliraning kinahaharap ng mga magiging pakahulugan sa mga datos na makakalap.

Ang deskriptibong pananaliksik ay mayroong layunin na ilarawan ang kasalukuyang sitwasyon o kundisyon. Layunin din ng desenyong ito na ilarawan ang katangian o katayuan ng mga tagatugon at maipaliwanag ang naging sanhi, pagbabago ng katayuan nito. Ayon kay Mc Neil (2018) ang deskriptibong desenyo ng pananaliksik ay maaring gumamit ng talatanungan o pakikipanayam para sa mas malawakang pagkalap ng mga datos batay sa isipikong katanungan mula sa tagatugon. Layunin din nito ang makapaghatid ng bagong kaalaman ukol sa isang pangyari at kasalukyang estado.

### Data Collection

Pagkatapos na naiwasto ang lahat ng mga suhestiyon sa talatanungan, gumawa ang mananaliksik ng liham na humihingi ng pahintulot sa pangulo ng President Ramon Magsaysay State at sa Executive Director, sa mga kaguruan ng Sta, Cruz Kampus, Iba kampus at San Marcelino Kampus upang maipamigay ang mga talatanungan sa mga mag-aaral na tutugon sa pag-aaral na ito. Humingi rin ng tulong sa iba pang mga guro para sa pag-administer ng pagsagot sa mga talatanungan. Ginabayan din ng mananaliksik ang mga guro na tutulong sa pangangasiwa ng pagsagot sa mga tanong. Nang natapos na ang lahat at nasagot na ang lahat ng talatanungan, sinimulan na ng mananaliksik ang pag-tally sa mga nakalap na datos. At sa gabay ng isang eksperto sa istadistika, sinimulan na ang pag-aanalisa sa mga nakalap na datos gamit ang kaukulang statistical treatment.

### Data Analysis

Ang mga makakalap na datos ay nakompyut gamit ang SPSS Version 20. Batay sa alituntunin, di kinakailangan ilahad ang pormula. Ang mga datos ay inilarawan sa pamamagitan ng talahanayan at inalisa sa pamamagitan ng mga sumusunod na istatistikong paraan:

1. **Pagbibilang.** Ito ay ginamit upang malaman ang bilang ng tama at maling sagot sagot sa bawat aytme na katanungan ukol sa pagsusuri ng mga akdang pampanitikan.
2. **Bahagdan o Porsyento (%).** Ito ay mabisang gamit upang mailarawan ang deskriptibong katayuan ng mga datos.
3. **Anova o Analysis of Variance.** Ito ay isang uri ng inperensyal na istatistiko na ginagamit upang matuklasan ang pagkakaiba ng mga pananaw ukol sa dimensyons ng antas ng pagsusuri ng maikling kwento.

4. **Pearson Product Moment Coefficient of Correlation.** Ito ay isang uri ng inperensyal na istatistiko na ginagamit upang matuklasan ang kaugnayan akademekong pagganap sa antas ng kakayahan sa pagsusuri ng maikling kwento.
5. **Likert Scale**. Ito ay ginamit upang mabigyan ng interpretasyon ang mga pananaw ukol sa paggamit ng istratehiyang pampagturo.

## III. DISCUSSION

**Makikita sa bahaging ito ang pagtatalakay sa mga nakalap na datos at interpretasyon nito.**

**Pagbubuod**

1. **Lebel ng Akademikong Pagganap ng mga mag-aaral.** Mula sa animnaput-walong mag-aaaral na tagatugon, mayroong 1 (1) o katumbas na 1.50% ang nakakamit ng markang mula 1.0-1.25 (Pinakamahusay); 17 o 25.00%, may gradong 1.26-1.50 (Pinakamahusay); 17 o 25.00%, may gradong 1.51-1.75 (Mas Mahusay); 16 o katumbas na 23.50%, may gradong 1.76-2.00 (Mas Mahusay); 5 o katumbas na 7.40% may gradong 2.26-2.50 (Mahusay) at 2 o katumbas na 2.90% may gradong 2.51-2.75 (Katamtamang Husay). Para sa kabuuan, ang akademikong pagganap ay nakatala ng kagitnang balyo na 1.78 at ito ay nangangahulugan ng Mas Mahusay.
2. **Lebel ng kakayahan ng mga mag-aaral**
   - 2.1. **Pag-alam ng Damdamin ng mga Tauhan.** Mula sa animnaput-walong mag-aaaral na tagatugon, walang nakakamit na iskor na bilang 1 - 2 na may kahulungan na (May Pangangailangan); 14 o 20.60%, may iskor na 3 - 4 (Katamtamang-husay); 37 o 54.40%, 5 - 6 na iskor (Mahusay); 16 o 23.50%, iskor na 7 - 8 (Mas Mahusay); at 1 o katumbas na 1.50% na may iskor na 9 - 10 (Pinakamahusay). Sa kabuuan, ang kakayahan ng mga mag-aaral ayon sa pag-alam ng damdamin ng mga tauhan sa maikling kuwento ay nakakamit ng kagitnang balyo na 5.60 na nangangahulugan na “Mahusay”.
   - 2.2. **Paghinuna ng kahulugan sa Tulong ng Pahiwatig**. Mula sa animnaput-walong mag-aaaral na tagatugon, walang nakakamit na iskor na bilang 1 - 2 na may kahulungan na (May Pangangailangan) at 3-4 (Katamtamang husay); 1 o 1.50%, may iskor na 5 - 6 (Mahusay); 10 o 14.70%, may iskor na 7 - 8 (Mas Mahusay); 57 o 83.80%, iskor na 9 - 10 (Pinakamahusay). Sa kabuuan, ang kakayahan ng mga mag-aaral ayon sa sa Paghinuna ng kahulugan sa Tulong ng Pahiwatig sa Maikling Kuwento ay nakakamit ng kagitnang balyo na 9.15 na nangangahulugan na “Pinakamahusay”.
   - 2.3. **Nilalaman ng Akda.** Mula sa animnaput-walong mag-aaaral na tagatugon, mayroong 1 o 1.50% may iskor na 1-2 na nangangahulugan na (May Pangangailangan); 16 o 23.50%, may iskor na 3.-4 (Katamtamang Husay); 34 o 50.00%, iskor na 5 – 6 (Mahusay); 15 o 22.10%, iskor na 7 – 8 (Mas Mahusay) at 2 o 2.90%, iskor na 9-10 (Pinakamahusay). Sa kabuuan, ang kakayahan ng mga mag-aaral ayon sa Nilalaman ng Akda sa Maikling Kuwento ay nakakamit ng kagitnang balyo na 5.53 na nangangahulugan na “Mahusay”.
3. **Lebel ng Kahirapan ng mga mag-aaral**
   - 3.1. **Pag-alam ng Damdamin ng mga Tauhan.** Base sa sampung (10) aytem ng pagsusulit ayon sa Pag-alam ng Damdamin ng mga Tauhan, ang mga tagatatugon ay nakakamit ng kagitnang balyo na 38.60% para sa tamang sagot at 29.4% para sa maling kasagutan. Gamit ang batayan ng “indeks ng kahirapan” ng mga tanong ito ay may katumbas na “**Katamtamang kahirapan**”.
   - 3.2. **Paghinuna ng kahulugan sa Tulong ng Pahiwatig.** Base sa sampung (10) aytem ng pagsusulit ayon sa Paghinuna ng kahulugan sa Tulong ng Pahiwatig, ang mga tagatatugon ay nakakamit ng kagitnang balyo na 38.60% para sa tamang sagot at 29.4% para sa maling kasagutan. Gamit ang batayan ng “indeks ng kahirapan” ng mga tanong ito ay may katumbas na “**Napakadali**”.
   - 3.3. **Nilalaman ng Akda.** Base sa sampung (10) aytem ng pagsusulit ayon sa Nilalaman ng Akda, ang mga tagatatugon ay nakakamit ng kagitnang balyo na 37.3% para sa tamang sagot at 30.74% para sa maling kasagutan. Gamit ang batayan ng “indeks ng kahirapan” ng mga tanong ito ay may katumbas na “**Katamtamang Kahirapan**”.
4. **Pananaw ng mga tagatugon ayon sa Istratehiya sa pagtuturo ng Maikling Kwento.** Ang mga tagatugon ay nakatala ng “Lubos na paggamit” ang Pinatnubayang Pagbasa-Pag-iisip (DR-TA o Direct Reading - Thinking Activity) bilang pangunahing istratehiyang pagtuturo batay sa pinakamataas na kagitnang balyo na 3.57, at sinundan nito ng paggamit ng Ugnayang Tanong Sagot, na may kagitnang balyo na 3.56 samantala ang paggamit ng Audio-Linggual Method na nakakamit ng kagitnang balyo na 3.13 na may kahulugan na “Ginagamit”. Para sa kabuuang pananaw, ito ay may kabuuang balyo na 3.38 at nangangahulugan na “Lubos na Giangamit” ang mga ukol sa Istratehiya sa pagtuturo ng Maikling Kwento.
5. Mayroong pagkakaiba ang mga pananaw ng mga tagatugon ayon sa antas ng kakayahan sa pagsusuri ng mga mag-aaral sa akdang pampanitikan ng maikling kuwento tulad ng Pag-alam ng Damdamin ng mga Tauhan, Paghinuna ng kahulugan sa Tulong ng Pahiwatig at Nilalaman ng Akda batay sa nakompyut na F-balyo na 6.7E-16 na higit na mas malaki sa F-kritikal na 3.885294, kayat ang walang bisang pala-palagay ay hindi tanggap.

6. Walang kaugnayan ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral at ang istratehiyang Pampagtuturo ng mga guro batay sa nakalap na Pearson r balyo na **-0.129**. Ang P-balyo na **0.293** na higit na mas malaki (>) sa 0.05 Alpha Level of Significance, kaya tang walang bisang pala-palagay ay tanggap.
7. Walang kaugnayan ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral at ang tatlong (3) antas ng kakayahan sa pagsusuri ng mga mag-aaral sa akdang pampanitikan ng maikling kuwento batay sa nakalap na Pearson r balyo na **-0.084**. Ang P-balyo na **0.496** na higit na mas malaki (>) sa 0.05 Alpha Level of Significance, kaya't ang walang bisang pala-palagay ay tanggap.

## IV. CONCLUSION

Batay sa buod na kinalabasan ng pag-aaral, ang mananaliksik ay humantong sa paglahad ng konklusyon tuald ng sumusunod:

1. Ang mag mag-aaaral ay nakakamit ng "Mas Mahusay" na akademikong pagganap sa asignaturang Filipino 2.
2. "Mahusay" ang mga mag-aaral sa pag-alam ng damdamin ng mga tauhan at nilalaman ng akda samantalang "Pinakamahusay" sa paghinuha ng kahulugan sa tulong ng pahiwatig.
3. "May katamatamang Kahirapan" ang mga mag-aaral sa pag-alam ng damdamin ng mga tauhan at nilalaman ng akda samantalang "Napakadali" sa paghinuha ng kahulugan sa tulong ng pahiwatig.
4. "Lubos na Ginagamit" ng mga guro ang istratehiyang pampagturo sa pagsusuri sa akdang pampanitikan ng maikling kuwento.
5. Mayroong pagkakaiba ang mga pananaw ng mga tagatugon ayon sa antas ng kakayahan sa pagsusuri ng mga mag-aaral sa akdang pampanitikan ng maikling kuwento.
6. Walang kaugnayan ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa istratehiyang Pampagtuturo ng mga guro.
7. Walang kaugnayan ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa antas ng kakayahan sa pagsusuri ng mga mag-aaral sa akdang pampanitikan ng maikling kuwento.

## REFERENCES


[1] Abay, Christine Joy. (2017). Paghahanda ng-mga-kagamitang-panturo. https://www.slideshare.net/ChristineJoyAbay/paghahanda-ngmgakagamitangpanturo
[2] Abdula (2013). http://www.slideshare.net/iszh18/pagbasa-29061894 , Mongkut. Pranakorn.
[3] Adan (2010). https://www.academia.edu/33952258/FINAL_THESIS
[4] Adunola, O. (2011). An Analysis of the Relationship Between Class Size and Academic Performance of Students, Ego Booster Books, Ogun State, Nigeria.
[5] Agustin, Beverly I. (2020). Pagsusuri Ng Mga Isinaling Panitikang Bayan Ng Aeta Sa Zambales Tungo Sa Pagkakaroon Ng Rehiyunal Na Literaturang Filipino. https://www.elcomblus.com/pagsusuri-ng-mga-isinaling-panitikang-bayan-ng-aeta-sa-zambales/
[6] Aquino, Avelino M. ( 2012). Field Study Experiencing The Teaching – Learning Process. Bulacan: St. Andrews Publishing House.
[7] Badayos, Paquito. (2008). Metodolohiya sa pagtuturo ng wika (Mga teorya, simulain, at istratehiya).Grandwater Publications and research Corporation, J.P. Rizal St., Makati City. Belvez, P. (2000). Ang sining at agham (aklat sa pamamaraan ng pagtuturo ng Filipino at sa Filipino). Rex Printing Company, Inc., Quezon City.
[8] Balbacal et. al (2012),Strong (2009), Kakayahan sa Pagsusuri ng Maikling Kwento at Tula ng mga Piling Mag-aaral sa Ikatlong Antas ng mga Mataas na Paaralan ng Lungsod ng Cabuyao Panuruang Taon 2012-2013. https://www.scribd.com/doc/129658888/Thesis-sa-Filipino-taga-PNC.
[9] Blake , Caitrin (2017). How to Strengthen Students' Analytical Skills Outside of a Writing Assignment. https://resilienteducator.com/classroom-resources/build-analysis-skills/.
[10] Cuizon, Regina I. (2014). Meta Analisis sa Pagsusuri ng Maiikling Kwento sa mga Tesis at Disertasyon. http://www.apjmr.com/wp-content/uploads/2014/09/APJMR-2014-2-117.pdf.
[11] Curtis, R., & Wiener, R. (2012). A guide to developing teacher evaluation systems that support growth and development. Washington, DC: The Apen Institute.
[12] Fernandez, Raymond M. (2013) Teachers' Competence And Learners' Performance In The Alternative Learning System Towards An Enriched Instructional Program . International Journal of Information Technology and Business Management 28th Feb 2013. Vol.22 No.1. ISSN 2304-0777. www.jitbm.com
[13] Ganyaupfu, E.M. (2013). Factors Influencing Academic Achievement inQuantitative Courses among Business Students of Private Higher Education Institutions, Journal ofEducation and Practice, 4(15):57-65.
[14] Gurdiel Chot, Pallarca April Misty, Delacruz Rosemabeth, Barcelo Alika Grace, De Paz Crystal, Regondola Alyssa, at Rosales Jenia (2015).

[15] Gutierrez, Joseliti castro, et.al. (2015). Principle of Teaching 1: a Worktext. Malabon City: Jimczyville Publications.
[16] Jane K. Lartec, Anastacia M. Belisario, Jamaica P. Bendanillo, Hanni K. Binas-o, Novefirst O. Bucang, and Jan Lorie W. Cammagay (2014).Strategies and Problems Encountered by Teachers in Implementing Mother Tongue - Based Instruction in a Multilingual Classroom.
[17] Maestra (2017). https://lasalyanongguro.weebly.com/tp-2016-20173.html
[18] Manuel, Maria Merlisa V. (2012). https://www.academia.edu/23015371/Mga_Salik_Tungo_Sa_Epektibong_Pamamaraan_Ng_Pagtuturo.
[19] Mohammed I. S. 2019. Problems Of Academic Literature Review And Writing: The Way Forward. https://www.researchgate.net/publication/331634236.
[20] Nurjanah, *Ratih Laily* (2018). The Analysis on Students' Difficulties in Doing Reading Comprehension Final Test. https://jurnal.untidar.ac.id/index.php/metathesis/article/view/958.
[21] Palani, K. K. (2012) Promising Reading Habits and Creating Literate Social. International Reference Research Journal Vol. III Issue 2(1) pp 91.
[22] Ramos, Ana ( 2016).Kakayahan ng mga Guro at ang Akademikong Pagganap ng mga Mag-aaral sa Filipino ng Grade 11
[23] Saberola, Leicel P. (2018). Pagbuo, Pagtanggap at Balliditi ng Modyul: Kontekstwalisasyon ng mga Piling Aralin sa Filipino 8 Gamit ang Dominyo ng Kulturang Popular https://ejournals.ph/article.php?id=14700.
[24] Salman Ilaiyan(2013) Difficulties Experienced by the Arab Teacher during His1 First Year of Teaching as a Result of Personal and Organizational Variables. 2013. Vol.4, No.6, 363-375. http://dx.doi.org/10.4236/ce.2013.46053.
[25] Saydee (2015). https://www.academia.edu/23015371/Mga_Salik_Tungo_Sa_Epektibong_Pamamaraan_Ng_Pagtuturo.
[26] Shekainalea (2017). Kagamitang Panturo. https://www.slideshare.net/shekainalea/kagamitang-panturo
[27] Soureshjani (2010). Learning Context and Undergraduate Students' Needs for Autonomy and Competence, Achievement Motivation and Personal growth Initiative, http://www.sciencedirect.com.com/science/article/pii/S1877042813008689
[28] Tayag, Aldren. Suliranin sa pagkatuto sa Asignaturang Filipino. Retrieved 2017: https://www.academia.edu/23745507/suliraning_pampagkatuto
[29] *Wanjiku, Karanja (2010). Effects Of Reading Difficulties On Academic Performance Among Form Three Students In Public Secondary Schools, Kiambu County, Kenya.* https://ir-library.ku.ac.ke/bitstream/handle/